


# Pangkalahatang impormasyon

**Walang African swine fever sa Australya.**

Ang mga taga-Queensland ay dapat maging alerto sa African swine fever dahil ang malubhang sakit na ito ng mga baboy ay patuloy na kumakalat sa mga kalapit na bansa.

Ang African swine fever ay isang nakakahawang sakit na virus ng mga alaga at feral na baboy. Hindi nito mahahawaan ang mga tao. Ang African swine fever ay maaaring magresulta sa napakataas na bilang ng pagkamatay sa mga nahawaang baboy at walang bakuna o paggamot na makukuha. Kung ito ay makapasok sa Australya, makakaapekto nang husto ang African swine fever sa kalusugan at produksyon ng baboy.

## Paano mahahawaan ang mga baboy?

Ang mga baboy ay maaaring mahawaan ng virus na African swine fever sa pamamagitan ng:

- pagkain ng kontaminadong mga produktong baboy at pakain (feed)
- paglapit sa nahawaang mga baboy
- paghawak sa kontaminadong mga kagamitan.

Ang pinakamalaking panganib na makapasok ito ay mula sa mga tao na ilegal na nagdadala ng baboy o mga produktong baboy sa Australya mula sa ibang bansa at mga produkto na ipinapakain o kinakain ng mga baboy.

Hindi nag-aangkat ang Australya ng hilaw na baboy at pinatibay pa ng Pamahalaan ng Australya ang mga rekesitos sa pag-aangkat ng mga produktong baboy mula sa mga bansa na may African swine fever.

Maaari kang makatulong sa pagbawas ng panganib na makapasok ang African swine fever sa pamamagitan ng pagsunod sa mga rekesitos hinggil sa kung ano ang maaari at hindi maaaring dalhin sa Australya—bisitahin ang agriculture.gov.au

## Ang mga pagkain ng tao ay hindi pagkain ng baboy

Ang pagkalat ng African swine fever sa buong mundo ay sinasabing may kaugnayan sa mga alaga at feral na baboy na kumakain ng pagkain o basurang pagkain na may karne o mga produktong karne.

Maaari kang makatulong sa pagprotekta laban sa African swine fever sa pamamagitan ng:

- laging itapon nang tama ang basurang pagkain at mga tira-tirang pagkain upang hindi malapitan ng mga baboy at kainin.
- huwag pakainin ang mga baboy ng pagkain o mga tira-tirang pagkain na dumampi sa mga lamang-hayop o may lamang-hayop tulad ng karne at mga produktong karne. Mas mabuting
pakainin ang mga baboy ng mga pagkaing-baboy nabibili.

**Ang pagpapakain ng mga produktong karne sa mga baboy ay labag sa batas** sa lahat ng mga estado at teritoryo ng Australya, kabilang na ang Queensland.



Kung naghihinala ka na mayroong African swine fever, dapat mo itong isumbong sa **Biosecurity Queensland** sa **13 25 23** o kontakin ang **Emergency Animal Disease Watch Hotline** sa **1800 675 888**.

Queensland Government



## Pangalagaan ang mga baboy ng Australya

Bawat isa ay may papel na ginagampanan sa pagprotekta laban sa African swine fever.

**Para sa mga nag-aalaga ng baboy**, dapat isagawa ang sumusunod na mga hakbang para pangalagaan ang iyong mga hayop:

- Magtalaga ng plano ng biosecurity.
- Tiyakin na alam ng lahat ng mga manggagawa at bisita ang iyong mga panuntunan sa biosecurity.
- Pakainin ang mga baboy ng prutas, gulay, butil at komersyal na pagkain ng baboy.
- Tiyakin na ang mga bagay at kagamitang dumarating at lumilisan sa iyong bukid ay malinis. Linisin at disimpektahin ang anumang kagamitan na ibinahagi sa iba pang mga bukid.
- Magsagawa ng tamang kalinisan — magsuot ng malinis na kasuotan at sapin sa paa sa propyedad na may mga baboy.
- Pigilan ang mga bisita sa paghawak sa iyong mga baboy kung hindi kailangan.
- Iwasan ang paglalapit ng mga alagang mga baboy at feral na baboy.
- Ipagbigay-alam kaagad sa Biosecurity Queensland kung ikaw ay naghihinala na may African swine fever.
- Ikaw ay dapat nakarehistro bilang entidad ng biosecurity sa Biosecurity Queensland. Bisitahin ang qld.gov.au/BiosecurityRegistration upang malaman ang higit pa.

Para sa mga plano at template ng biosecurity sa bukid ng baboy, bisitahin ang farmbiosecurity.com.au

**Para sa lahat:**

- Panatilihing hindi nakakapasok ang mga iligal na inangkat na baboy o mga produktong baboy sa Australya.
- Ideklara ang lahat ng karne at mga produktong karne sa pagbalik sa Australya mula sa ibang bansa.
- Huwag pakainin ang mga baboy ng mga produktong karne.
- Itapon nang tama ang basurang pagkain at mga tira-tirang pagkain upang hindi malapitan ng mga baboy at makain ang mga ito.

## Mga naiulat na mga palatandaan ng African swine fever

Maaaring kabilang sa mga palatandaan ng African swine fever sa mga baboy ang:

- pagkamatay (marahil bago mapansin ang iba pang mga palatandaan)
- pagbabatik/pamumula ng balat
- mataas na lagnat
- kakulangan ng koordinasyon o matigas na paggalaw
- hirap sa paghinga
- pagkalaglag ng dinadalang-hayop
- pagtatae
- pagsusuka.

Kung naghihinala ka na may African swine fever, dapat mong kontakin kaagad ang **Biosecurity Queensland** sa **13 25 23** o ang **Emergency Animal Disease Watch Hotline** sa **1800 675 888**.

## Karagdagang impormasyon?

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa African swine fever, tumawag sa 13 25 23 o bisitahin ang qld.gov.au/AfricanSwineFever

Magpa-subscribe ng mga biosecurity alert sa daf.qld.gov.au/alerts



Kung naghihinala ka na mayroong African swine fever, dapat mo itong isumbong sa **Biosecurity Queensland** sa **13 25 23** o kontakin ang **Emergency Animal Disease Watch Hotline** sa **1800 675 888**.

Queensland Government